FACT SHEET

# Supported Decision-making

Ang *Adult Guardianship and Trusteeship Act* (AGTA) ay nag-aalok ng iba't-ibang mga opsyon upang suportahan ang nasa hustong gulang na Albertans na nangangailangan ng tulong sa paggawa ng mga personal at/o pinansiyal na desisyon.

Ang isa sa mga opsyon ay isang sinusuportahang pahintulot sa paggawa ng desisyon para sa mga taong nasa hustong gulang na:

- may kakayahang gumawa ng kanilang mga sariling personal na desisyon; at
- nais ng tulong sa proseso ng paggawa ng desisyon mula sa isang taong pinagkakatiwalaan nila.

Ang isang sinusuportahang tulong sa paggawa ng desisyon ay makakatulong para sa mga taong may kakayahan at humaharap ng mga komplikadong desisyon, mga taong hindi nagsasalita ng Ingles bilang pangunahing wika, at mga taong may mga banayad na kapansanan.

## Ano ang sinusuportahang paggawa ng desisyon?

Kung ang isang taong nasa hustong gulang ay may kakayahang gumawa ng kanilang mga sariling desisyon pero gusto nila ng kaunting tulong, maaari silang pumirma ng isang pormularyo na nagpapahintulot sa isang taong pinagkakatiwalaan nila bilang kanilang "supporter".

Maaaring bigyan ng taong nasa hustong gulang sa kanilang taga-suporta ang legal na pahintulot na kunin ang mahalagang impormasyon na sana'y protektado sa ilalim ng mga batas ng pagka-pribado.

Halimbawa, maaaring ipakita ng isang taga-suporta ang pormularyo ng pahintulot para sa sinusuportahang paggawa ng desisyon sa parmasyotiko ng taong nasa hustong gulang kung sila'y may mga katanungan tungkol sa mga maaaring maging mga interaksyon ng gamot hinggil sa mga reseta ng gamot ng taong nasa hustong gulang.  Magiging panatag ang loob ng parmasyotiko dahil alam niya na ang taong nasa hustong gulang ay nagbigay ng pahintulot na ipamahagi ang impormasyon na ito.

Maaaring kasama sa tungkulin ng taga-suporta ang tulungan ang taong nasa hustong gulang na pag-isipan ang proseso ng paggawa ng desisyon at sabihin ang mga desisyon, kung kinakailangan.

Ang suportadong paggawa ng desisyon ay angkop para sa anumang personal na desisyon na walang kinalaman sa pananalapi.

## Paano ba pumasok sa isang kasunduan para sa isang suportadong paggawa ng desisyon?

Walang pormal na proseso ng aplikasyon sa Hukuman para pumasok sa isang kasunduan para sa suportadong paggawa ng desisyon.
Ito'y isang kasunduan ng mga partidong kasali rito—ang taong nasa hustong gulang at ang taga-suporta.

Magkasama nilang pipirmahan ang isang pormularyo ng pahintulot para sa sinusuportahang paggawa ng desisyon na nagbabalangkas sa layunin ng kasunduan at ang mga uri ng mga desisyon na nais nilang isama.

Ang pormularyo ng pahintulot ay makukuha online sa www.seniors.alberta.ca/opg. Maaari ka rin kumuha ng kopya ng pormularyo sa anumang Office of the Public Guardian (tingnan ang likod para malaman kung paano ito kokontakin).

Oras na napirmahan ang pormularyo ng pahintulot, inirerekomenda sa bawat partido na magtago ng kopya nito.

Maaaring itigil kahit kailan ng taong nasa hustong gulang o ng taga-suporta ang kasunduan para sa sinusuportahang paggawa ng desisyon.  Ang sinusuportahang taong nasa hustong gulang ay pipirma ng isang pormularyo ng Pagtigil ng Pahintulot para sa Sinusuportahang Paggawa ng Desisyon.  Ang pormularyo na ito ay makukuha online o sa Office of the Public Guardian.



OPG5609-T (2010/06)
Government of Alberta

## Ano pa ang kailangan mong malaman tungkol sa sinusuportahang paggawa ng desisyon?

Ang isang taga-suporta ay dapat higit sa 18 taong tulang at dapat pinagkakatiwalaan ng taong nasa hustong gulang. Ang Public Guardian ay hindi maaaring maging isang taga-suporta.

Ang taong nasa hustong gulang ay maaaring magbanggit ng hanggang tatlong taga-suporta.

Kung nawala ng taong nasa hustong gulang ang kanyang kakayahang gumawa ng mga personal na desisyon at nagtakdâ ang Hukuman ng isang co-decision-maker o isang guardian, o ang kanilang personal na kautusan ay isinagawa, magtatapós ang pahintulot sa sinusuportahang paggawa ng desisyon.

Kung pinag-iisipan mo ang isang pahintulot sa sinusuportahang paggawa ng desisyon, maigi rin ang pag-isipan mo ang maghanda at magrehistro ng isang Personal na, na magkakabisa kapag nawala mo ang kakayahang gumawa ng mga desisyon. May kit para dito na makukuha online sa www.seniors.alberta.ca/opg.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring kontakin ang Office of the Public Guardian.

## Mga Nagpapatnubay na Prinsipyo

Ang *Adult Guardianship and Trusteeship Act* ay nakabatay sa apat na nagpapatnubay na prinsipyo:

- itinuturing na ang taong nasa hustong gulang ay may capacity at nakagagawa ng mga desisyon hanggang natiyak ang kabaligtaran nito;
- ang kakayahang makipag-usap ay hindi isang pagtitiyak ng capacity, ang taong nasa hustong gulang ay maaaring makipagkomunika sa ibang paraan na nagbibigay sa kanila ng paraang maunawaan;
- pag-focus sa pagsasarili nang 'di gaanong nakikialam at 'di gaanong humahadlang; at
- paggawa ng desisyon na may focus sa pinakamainam para sa taong nasa hustong gulang at kung paano sana gagawin ng taong nasa hustong gulang ang desisyon kung kaya niya ito gawin.

## Para sa karagdagang impormasyon

Tawagan ang libreng telepono ng Office of the Public Guardian para sa impormasyon:
**1-877-427-4525**
Lunes hanggang Biyernes
8:15 ng umaga – 4:30 ng hapon

**www.seniors.alberta.ca/opg**

## Mga Opisina

Ang Office of the Public Guardian ay may mga opisina sa buong probinsiya. Sila'y bukás Lunes hanggang Biyernes, mula 8:15 ng umaga hanggang 4:30 ng hapon. Upang makonekta nang libre, tumawag muna sa 310-0000.

**Northwest Region**
Grande Prairie: 780-833-4319


**Edmonton Region**
Edmonton: 780-427-0017

**Central Region**
Red Deer: 403-340-5165

**Northwest Region**
St. Paul: 780-645-6278

**Calgary Region**
Calgary: 403-297-3364

**South Region**
Lethbridge: 403-381-5648
Medicine Hat: 403-529-3744



OPG5609-T (2010/06)

Government of Alberta